



Cancer  
Council

# Ano ang maaasahan – Kanser sa Prostate



Tagalog

Ano ang maaasahan sa bawat hakbang ng paggamot at makaraan pa nito

## Kanser sa Prostate

Ang talaan ng impormasyong ito ay magsasabi sa iyo kung ano ang maitatanong mo bago gamutin, habang ginagamot, at matapos gamutin ang iyong kanser sa prostate. Ikaw ay makakahiling sa iyong pangkat ng karagdagang impormasyon at

suporta. Ang pakikipagtulungan sa iyong pangkat ay nangangahulugang matitiyak mo na makukuha ang paggamot, impormasyon at suporta na tama para sa iyo.

### 1. Prostate specific antigen testing

Ang ilang kanser sa prostate ay natutuklasan sa pamamagitan ng paggawa ng iyong doktor ng isang pagsusuri na tinatawag na prostate specific antigen (PSA) test. Ito ay isang madaling pagsusuri kung saan sinusuri ng iyong doktor ang iyong dugo para sa antigen ng prostate. Kung may iba pang lalaki sa iyong pamilya ang nagkaroon na ng kanser sa prostate, ang iyong doktor ay dapat makipagtulungan sa iyo at pag-usapan ang paggawa ng pagsusuring ito taun-taon.

Kahit na walang sinuman sa iyong pamilya na nagka-kanser sa prostate, ikaw ay maaari pa ring humiling sa iyong doktor na gawin ang pagsusuri sa oras ng pagpapatingin mo. Ang iyong doktor ay dapat magpaliwanag sa iyo ng mga panganib at benepisyo ng prostate specific antigen testing. Ikaw ay makakahiling sa iyong doktor ng karagdagang impormasyon.

### 2. Pagpapatingin sa iyong doktor

Ang iyong doktor ay dapat magsuri upang malaman ang sanhi ng di-mabuti mong pakiramdam. Ang iyong doktor ay maaari kang pakunin ng mga pagsusuri sa dugo.

Ang iyong doktor ay dapat makipagtulungan sa iyo upang matiyak na mayroon kang impormasyon at suportang kailangan mo. Ikaw ay makakapagtanong sa iyong doktor tungkol sa:

- Ano ang nangyayari sa iyong katawan at bakit ito nangyayari
- Ano ang mangyayari o maaaring mangyari
- Ano ang pakiramdam mo at paano mapananatiling mabuti ang iyong damdamin
- Sino ang makakausap mo tungkol sa pagkuha ng suportang kailangan mo
- Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon at suporta

Ang iyong doktor ay maaaring gumawa ng mga pagsusuri para sa kanser sa prostate:

#### Prostate specific antigen testing (PSA testing)

Ang doktor ay kukuha ng sampol ng iyong dugo at titingnan ang dami ng prostate specific antigen na

naroon. Ang prostate specific antigen ay isang protein na nililikha sa glandula ng prostate. Normal ang pagkakaroon ng ilan nito sa iyong dugo. Kung lubhang marami, maaaring mangahulugan ito na mayroong hindi tama.

#### Pagsukat ng PSA free hanggang kabuuang proporsiyon

Ito ay isang pagsusuring gagawin ng iyong doktor upang malaman kung bakit ang iyong prostate ay lumilikha ng lubhang maraming prostate specific antigen.

Ang iyong doktor ay maaaring papuntahin ka sa isang espesyalista para sa karagdagang pagsusuri. Ang iyong espesyalista ay tinatawag na urologist. Sila ay sinanay sa pakikitungo sa mga kalalaking may kanser sa prostate. Ang iyong doktor ay dapat magbigay sa espesyalista ng impormasyon tungkol sa nakalipas mong kalusugan, kung may iba pa sa iyong pamilya na nagkaroon ng kanser at ang mga resulta ng mga pagsusuri sa iyo.

**Ikaw ay makakapagsama ng isang kapamilya o kaibigan sa iyong mga pagpapatingin. Ikaw ay makakahiling sa iyong doktor ng karagdagang impormasyon at suporta upang tiyaking mayroon ka ng mga kinakailangan mo.**

### 3. Mga pagsusuri

Ang espesyalista ay dapat gumawa ng mga pagsusuri upang makita kung ikaw ay may kanser sa prostate. Ito ay tinatawag na diyagnosis. Kung mayroon ka ngang kanser sa prostate, ang mga pagsusuri ay magpapakita kung paano lumalaki ang kanser o kung kumalat na ito. Ito ay tinatawag na staging.

Ikaw ay makakapagtanong sa espesyalista ng:

- Anu-anong pagsusuri ang gagawin sa iyo
- Ano ang mangyayari sa mga pagsusuri
- Ano ang masasabi sa iyo ng mga pagsusuri

Ikaw ay maaaring magkaroon ng isa o ibat ibang pagsusuri:

#### Digital rectal examination (DRE)

Ang doktor ay magsusuot ng mga guwantes at ipapasok ang isang daliri sa loob ng iyong puwit. Susuriin niya kung may madadama siyang anumang problema sa prostate.

#### Magnetic resonance imaging scan (MRI)

Isang scan na may mga magnetic field at radio wave ay ginagamit upang makakuha ng madetalyeng litrato ng katawan.

#### Computed tomography scan (CT scan)

Ang mga kompyuter at x-ray ay ginagamit upang makakuha ng madetalyeng litrato ng katawan.

#### Biopsy

Mga maliliit na sampol ng iyong prostate ang kukunin upang masuri sa mikroskopyo.

Ang iyong espesyalista ay dapat makipag-usap sa iyo tungkol sa mga panganib at benepisyo ng paggawa ng prostate biopsy. Ikaw ay maaaring maghintay at humiling ng karagdagang impormasyon at suporta bago ka magdesisyon.

**Ikaw ay makakapagtanong sa iyong doktor tungkol sa paghanap ng isang grupong pangsuporta sa may kanser sa prostate. Makakatulong ang kaalamang may iba pang tao na nakakaunawa kung ano ang iyong dinaranas.**

**Ang iyong mga kaibigan at kapamilya ay maaaring makipag-usap sa isang grupong pangsuporta para sa mga tagapag-alaga.**

### 4. Paggamot

Ang iyong espesyalista ay dapat makipagtulungan sa isang pangkat. Ang iyong pangkat ay binubuo ng mga taong nakakaunawa sa kanser sa prostate.

Rerepasuhin ng iyong pangkat ang mga resulta ng pagsusuri sa iyo. Sila ay dapat magtanong sa iyo kung ano ang iyong nais at kailangan. Kayo ay dapat sama-samang magtulungan upang makagawa ng pinakamabuting plano para sa paggamot sa iyo.

Ikaw ay makakapagtanong sa iyong pangkat ng:

- Anong paggamot ang gagawin sa iyo
- Bakit ka ginagawan ng ganoong paggamot
- Ano ang mangyayari sa paggamot na iyon
- Ano ang magagawa ng paggamot
- Gaano katagal ang paggamot
- Mga panganib at benepisyo ng paggamot
- Ano ang maaaring maramdaman mo habang ginagamot, mga side-effect, at ano ang magagawa mo upang maging mabuti ang pakiramdam hanggat maaari
- Ano ang maaasahan mo matapos ang paggamot

Ang iyong pangkat ay maaaring magmungkahi na sumali ka sa isang klinikal na pagsubok. Ang isang klinikal na pagsubok ay ginagamit upang subukan ang isang bagong paggamot, o upang tingnan kung mas mabuti

ang isang paggamot kaysa sa iba. Ikaw ay makakahiling ng karagdagang panahon, o pangalawang opinyon bago ka magpasiya tungkol sa paggamot sa iyo.

Kabilang sa mga kaagapay na paggamot ang masahe, acupuncture at meditasyon, pati na iba pang gamot na gagamitin mong kasabay ng paggamot sa iyo.

Ang ilang paggamot ay maaaring hindi gumanang mabuti kasabay ng paggamot sa iyo. Kaya, napakahalaga na makipag-usap ka sa iyong pangkat tungkol sa anumang kaagapay na paggamot na ginagamit mo, o nanaisin mong gamitin.

Ikaw ay makakahiling ng panahon bago ka magdesisyon.

Ikaw ay makakahiling din na makipag-usap sa isang radiation oncologist o sa iba pang urologist para sa karagdagang impormasyon. Ang isang radiation oncologist ay isa ring espesyalista sa paggamot ng kanser. Ang pakikipag-usap sa iba pang urologist o radiation oncologist ay mangangahulugang magkakaroon ka ng iba pang opinyon bago magdesisyon tungkol sa kung aling paggamot ang tama para sa iyo. Ikaw ay makakahiling ng lahat ng panahon, impormasyon at suportang kailangan mo bago magdesisyon tungkol sa paggamot sa iyo.

Ang paggamot sa iyo ay babatay sa kung ang kanser ay nasa prostate lamang, o kung ito ay kumalat na sa ibang bahagi ng iyong katawan.

Ikaw ay maaaring magkaroon ng isa o ibat ibang paggamot:

Ang **active surveillance** ay kung saan walang ibibigay na paggamot, o ang paggamot ay hindi ibibigay agad-agad. Madalas titingnan ng iyong pangkat ang kanser upang makita kung ito ay nagbabago o lumalaki.

Ito ay ginagamit kung mayroon kang bagong kasisimula pa lamang na kanser sa prostate, at ang kanser ay hindi pa kumakalat.

Ang **watchful waiting** ay kung saan walang paggamot na ibibigay, o ang paggamot ay hindi ibibigay agad-agad. Titingnan ng iyong pangkat ang kanser gaya ng ginagawa sa active surveillance, ngunit hindi kasing-dalas.

Ito ay ginagamit kung ikaw ay mas matanda, o kung mayroon kang iba pang isyung pangkalusugan.

Ang **chemotherapy** o drug therapy ay gumagamit ng mga droga upang pigilin ang paglaki ng kanser.

Ito ay maaaring gamitin kasabay ng androgen deprivation therapy. Ito ay ginagamit kung ang iyong kanser sa prostate ay kumalat na sa ibang bahagi ng iyong katawan.

Ang **radiation therapy** o radiotherapy ay ang paggamit ng radiation upang pigilin ang paglaki ng kanser.

Ito ay ginagamit nang may pag-opera o walang pag-opera. Ito ay ginagamit kung ikaw ay may bagong kasisimula pa lamang na kanser sa prostate, o hindi pa kumakalat ang kanser.

Ang **brachytherapy** ay isang uri ng radiation therapy na naglalagay ng isang implant sa loob ng iyong katawan na malapit sa tumor. Ang implant ang magbibigay ng radiation therapy.

Ang **androgen deprivation therapy (ADT)** ay isang uri ng paggamot gamit ang hormone. Bibigyan ka ng mga hormone sa pamamagitan ng tableta o iniksiyon. Babaguhin ng mga hormone na ito ang paraan ng paglaki ng kanser at pipigilin ang lalong pagkakat nito. Ang iyong pangkat ay dapat kang kausapin tungkol sa kung ano ang mangyayari at maaaring mangyari sa panahon ng iyong androgen deprivation therapy.

Ang androgen deprivation therapy ay ginagamit kung ang iyong kanser sa prostate ay kumalat na sa ibang bahagi ng iyong katawan.

Ang **prostatectomy** ay ang pag-opera upang tanggalin ang prostate.

Ito ay ginagamit kung mayroon kang bagong kasisimula pa lamang na kanser sa prostate, o hindi pa kumakalat ang kanser. Ito ay dapat gawin ng isang maninistis na may malawak na karanasan sa pag-opera sa prostate.

Para sa karagdagang impormasyon sa paggamot at mga side-effect, ikaw ay makakapagtanong sa iyong doktor o bumisita sa [www.cancer.org.au/about-cancer/treatment](http://www.cancer.org.au/about-cancer/treatment)

**Ang iyong pangkat ay dapat makipag-usap sa iyo tungkol sa mga pangangailangan mo bago ka gamutin, habang ginagamot ka, at matapos ang paggamot sa iyo. Ikaw ay makakahiling ng impormasyon at suporta sa anumang oras upang matiyak na mayroon ka ng lahat ng kailangan mo.**

**Ang iyong pangkat ay makakapag-ugnay sa iyo sa ibang serbisyo at mga pangkalusugang propesyonal upang matiyak na mananatili kang malusog sa katawan at damdamin.**

## 5. Matapos ang paggamot sa iyo

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong pangkat tungkol sa anumang pagbabagong mayroon ka matapos ang paggamot sa iyo. Ang ilang paggamot ay maaaring makapinsala sa mga nerbiyos at kalamnan na malapit sa prostate at bituka. Ito ay maaaring mangahulugan na magkakaroon ka ng mga side-effect:

- Inkontinente o hindi makayanang pigilin ang ihi, tae o utot
- Problema sa pagpapatindig ng ari ng lalaki, o hindi makayanan o mapanatili ang pagtindig ng ari
- Kawalan ng pertilidad, o hindi makayanang magka-anak

- Hindi interesadong makipagtalik

Maraming paraan upang tiyaking maging malusog ang iyong pakiramdam at mapamahalaan ang iyong mga side-effect matapos ang paggamot sa iyo. Ikaw ay maaaring makipagtulungan sa iyong pangkat upang matiyak na magagawa mong muli ang gusto mong gawin sa sandaling handa ka na.

Pagkatapos ng paggamot sa iyo, ang iyong pangkat ay dapat magbigay sa iyo ng isang buod ng paggamot. Ang iyong buod ng paggamot ay taglay ang lahat ng impormasyon tungkol sa paggamot na tinanggap mo:

- Mga pagsusuring ginawa sa iyo upang madiyagnos ang iyong kanser sa prostate, at ang mga resulta ng mga pagsusuring ito
- Paggamot na tinanggap mo, at kung kailan ka nagkaroon nito
- Mga pangsuportang serbisyo at iba pang plano ng paggamot na natanggap mo

Ang iyong pangkat ay dapat makipagtulungan sa iyo upang gumawa ng isang plano ngayong natapos na ang paggamot sa iyo. Ang iyong espesyalista ay magpapasiya kung anong uri ng espesyalista o doktor ang pinakamabuti para mamahala ng iyong pangangalaga. Ikaw ay dapat magkaroon ng isang kasunod na plano na kabibilangan ng:

- Mga susunod na gagawin na pinakamabuti para sa iyo
- Mga plano para sa pamamahala ng anumang side-effect ng paggamot

- Paano mabilis na kukuha ng tulong kung sa palagay mo ay nagbalik o lumala ang kanser

Ang iyong doktor ay dapat kang tungunan at kausapin tungkol sa:

- Paghanap ng karagdagang impormasyon at suporta upang manatiling malusog sa katawan at damdamin, at makakuha ng kailangan mo
- Mga mamatyagang senyales at sintomas na maaaring mangahulugan na bumabalik ang kanser
- Pag-iingat at malusog na pamumuhay

**Kung minsan, ang kanser sa prostate ay maaaring magbalik matapos ang paggamot. Ito ay karaniwang natutuklasan sa susunod na pagpapatingin, o kung may mapuna kang nagbalik na anumang sintomas. Mahalagang magpasuri nang regular. Kung may mapupuna kang anumang kakaiba, pumunta ka sa iyong doktor. Ikaw ay makakahiling sa iyong doktor ng pagsusuri, impormasyon at suporta.**

## 6. Ang buhay na may kanser

### Mga side-effect

May ilang tao na nagkakaroon ng mga side-effect habang sila ay ginagamot at matapos gamutin. Ang mga side-effect ay reaksiyon ng iyong katawan sa paggamot na iyong kinukuha. Ang mga ito ay normal, ngunit maaaring maging di-mabuti ang iyong pakiramdam. Ikaw ay maaaring magkaroon agad-agad ng mga side-effect, o wala man lang, o maraming buwan matapos ang paggamot sa iyo.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa iyong mga side-effect, o **bumisita sa [www.cancervic.org.au/about-cancer/survivors/long-term-side-effects](http://www.cancervic.org.au/about-cancer/survivors/long-term-side-effects)**

### Advanced care plan

Ang iyong pangkat ay maaaring makipagtulungan sa iyo upang gumawa ng isang advanced care plan. Ang isang advanced care plan ay isang paraan ng pagsasaad ng iyong mga ninanais at tinitiyak na alam ng lahat kung ano ang gusto mong pangangalagang medikal sa hinaharap.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa magkasamang paggawa ninyo ng isang advanced care plan, o **bumisita sa [www.advancecareplanning.org.au](http://www.advancecareplanning.org.au)**

### Palliative care

Ang palliative care ay ginagamit sa ibat ibang hakbang ng paggamot sa iyo upang tungang bumuti ang iyong pakiramdam. Ang palliative care ay makakatulong sa pagpapaghinawa ng sakit, mabawasan ang iyong mga sintomas at pabutihin ang kalidad ng iyong buhay.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa uri ng palliative care na pinakamabuti para sa iyo, o **bumisita sa [www.palliativecare.org.au](http://www.palliativecare.org.au)**

### Gastos

May mga gastos sa bawat baitang ng iyong kanser kabilang ang paggamot, akomodasyon at pagbiyahe. Ikaw ay maaaring magkagastos kung ginagamot ka sa isang pribadong serbisyon pangkalusugan kahit na mayroon kang pribadong pangkalusugang seguro.

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong pangkat at sa pribadong pangkalusugang taga-seguro kung may mga tanong ka tungkol sa halaga ng bawat paggamot na maaaring gawin sa iyo. Ikaw ay maaari ding makipag-usap sa social worker sa iyong ospital.


Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa halaga ng paggamot sa iyo, o **bumisita sa [www.canceraustralia.gov.au/affected-cancer/living-cancer/dealing-practical-aspects-cancer/costs-treatment](http://www.canceraustralia.gov.au/affected-cancer/living-cancer/dealing-practical-aspects-cancer/costs-treatment)**

Ikaw ay maaaring makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa halaga ng paggamot sa iyo, o **bumisita sa [www.cancerCouncil.com.au/get-support/practical-support-services](http://www.cancerCouncil.com.au/get-support/practical-support-services)**

**Maraming bagay na pag-iisipan kapag mayroon kang kanser sa prostate. Marami ding impormasyon at suporta. Mahalagang gawin mo kung ano ang tama para sa iyo. Maaari kang makipagtulungan sa iyong pangkat upang matiyak na mayroon kang pinakamagaling na pangangalaga.**

## Impormasyon at suporta

### Cancer Council

- Ikaw ay maaaring makipag-usap sa isang pang-kanser na nars: **13 11 20**
-  Kung kailangan mo ng tagasalin sa wika: **13 14 50**

### Prostate Cancer Foundation of Australia

- Impormasyon at suporta: **1800 22 00 99**
- [www.prostate.org.au](http://www.prostate.org.au)

### Carers Australia

- Impormasyon at suporta para sa mga tagapag-alaga: **1800 242 636**

### Continence Foundation of Australia

- [www.continence.org.au](http://www.continence.org.au)

